Hayaan mo silang dalawa (sa paglalaro) O Abu Bakar,sapagkat ito ay araw ng Eid)), ang mga araw na ito, ay mga araw sa Minā

Ayon kay 'Āishah malugod si Allah sa kanya-Katotohanang si Abū Bakar ah pumasok sa kanya,at sa kanya ay may dalawang bata sa araw na nasa Minā na,nagpapabilisan at nagtatambol ,Habang ang Propeta pagapalain siya ni Allah at pangalagaan ay nakabalot sa damit niya,pinagsabihan silang dalawa ni Abū Bakar,Inalis ng Propeta pagpalain siya ninAllah at pangalagaan-ang nakatakip nito sa mukha,at Nagsabi siya:((Hayaan mo silang dalawa (sa paglalaro) O Abu Bakar,sapagkat ito ay araw ng Eid)), ang mga araw na ito, ay mga araw sa Minā,Nagsabi si 'Āishah:Nakita ko ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan na tinatakpan ako habang ako ay tumitingin sa mga Tao sa Habasha (African) habang sila ay naglalaro sa loob ng Masjid,pinagsabihan sila ni 'Umar, Nagsabi ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:((Hayaan mo sila na (maglaro) na walang distorbo, o mga anak ng Arfadah))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Sa Hadith ay pagpapahayag ng pagiging magaan sa Batas ng Islam at ang pagiging mapagpatawad nito,At ang Pamamaraang nito ay salungat sa mga karamihan na mahihigpit at mapagmalabis,Na kung saan ang kanilang pananaw sa Relihiyon ay paghihigpit at (pagiging) marahas,at pagmamalupit;Ipinapahayag sa Marangal na Hadith ang pagpapahintulot sa pagpalo ng Tambol at pagkakanta sa mga araw ng Eid at ito ay dahil sa ginawa ng dalawang aliping ito sa harapan ng Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at ang pagtanggi nito sa sinumang magtatanggi rito,at gayundin ang mga bagay na (pangkasiyahan) paglalaro sa mga sibat at ang mga katulad pa nito.At ang mga Nananahanan sa Habashah ay gumawa sila ng kaibig-ibig na mga laro at kasiyahan;Ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan ay pinahintulutan sila sa pagsagawa ng mga layunin nila sa loob ng Masjid,na may kasamang pagsasa-alang-alang rito sa mga mahahalagang Patakaran ng Batas sa Islam,Pinatunayan rito sa ibang mga pananalita sa Hadith,at ito ang mga sumusunod:1) Upang ipaalam sa mga sekta na hindi yumayakap sa Islam-dahil sa takot nila rito mula sa paghihigpit at pagmamalupit nito,-Na ang Islam ay Relihiyon ng Kapatawaran,at Kagalakan at Kaluwagan lalong-lalo na sa ganitong mga sekta,Sekta ng mga Hudyo,Na kung saan,sila ay naglalayo sa kanilang mga sarili sa kanya (Islam) at hinahadlangan ang mga tao sa pagsunod sa kanya (Islam),Kung-kaya`t naisalaysay sa ilan sa mga pananalita ng mga Hadith,na si `Umar ay nagtanggi sa kanila,Nagsabi ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:" Hayaan mo sila,Nang sa gayun ay malaman ng mga Hudyo na sa Relihiyon natin ay may Kaluwagan,at tunay na ako ay ipinadala sa Relihiong Islam na May Kapatawaran" 2)Na ang paglalaro nila ay sa araw ng Eid,At ang mga Eid ay araw ng kasiyahan at kaligayahan,at pagpapalawak sa mga Ipinapahintulot.3)Na ang laro ng mga kalalakihan ay may kahirapan at (pagiging) masigasig

at tapang.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/10894